REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

# KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-195

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PUNONGBAYAN, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA ATASAN ANG FILINVEST DEVELOPMENT CORPORATION (FILINVEST) AT PUBLIC ESTATES AUTHORITY (PEA) NA PANSAMANTALANG IPATIGIL ANG ISINASAGAWANG DEVELOPMENT SA ALABANG STOCK FARM (ASF) BATAY SA "CEASE AND DESIST" ORDER MULA SA DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM NA IPINALABAS NI REGIONAL DIRECTOR PERCIVAL C. DALUGDOG.

*********************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Vicente Y. Chua

*********************************************************

SAPAGKAT, itinatakda sa pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na Kapasiyahan Bilang 94-162 na ang pagkakaloob ng locational clearance at development permit sa proyektong FILINVEST Corporate City ay maaaring bawiin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa kung ang FILINVEST at PEA ay hindi makatutupad sa kanilang mga gampanin at sa mga karagdagang pasubali na inilakip ng Punongbayan ng Muntinlupa sa nilagdaang kasunduan ng magkabilang panig tulad ng pagkakaroon ng Environmental Clearance Certificate mula sa Environmental Management Bureau ng Department of Environment and Natural Resources (DENR);

SAPAGKAT, ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa pamamagitan ni Regional Director Percival C. Dalugdug ay lumiham kay G. Andrew L. Gotianun, Sr. ang Pangulo ng FILINVEST Development Corporation na may petsa Nobyembre 11, 1994 na nag-aatas na itigil at huwag magsagawa ng anumang physical development activities at/o konbersiyon sa ASF hanggat walang pinagtibay na konbersiyon o eksemsiyon mula sa DAR;

SAPAGKAT, ang mga suliraning kinahaharap ng mga naninirahan sa loob ng ASF tulad ng lilipatang tirahan ay hindi pa mabibigyan ng pansin ng developer na taliwas sa napagkasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at ng FILINVEST AT PEA;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na hilingin sa Punongbayan, Kgg. Ignacio R. Bunye na atasan ang FILINVEST Development Corporation (FILINVEST) at Public Estate Authority (PEA) na pansamantalang ipatigil ang isinasagawang development sa Alabang Stock Farm (ASF) batay sa "Cease and Desist" order mula sa Department of Agrarian Reform na ipinalabas ni Regional Director Percival C. Dalugdog.

PINAGTIBAY NG HIGIT NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-109th Regular na pulong na ginanap ngayong ika-21 ng Nobyembre, 1994 sa Session Hall ng People's Center.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Di Lumahok)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Di Lumahok)
KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Absent)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

(Di Lumahok)
KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan